
3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pakinabang na Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman sa Sariling Lalawigan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pakinabang na Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman sa Sariling Lalawigan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumubuo ng Modyul para sa Mag-aaral**

**Manunulat:** Dwendeline O. De Asis

**Editor:** Adelma D. Cudera, Maximo R. Embodo, Riva P. Palma

**Tagasuri:** Arcel W. Gacasan, Jessel C. Marqueda, Marilyn G. Pajaro

**Tagaguhit:** Cris A. Aquino, Khristely V. Ang, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A. Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Marvin P. Linogao, Jules Bernard G. Guinita, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan

**Tagalapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores

**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Evelyn R. Fetalvero | Nelson C. Lopez |
| Janette G. Veloso | Cheerylyn A. Cometa |
| Analiza C. Almazan | Christopher P. Felipe |
| Danilo R. Dohinog | Liza Leonora D. Dacillo |
| Ma. Cielo D. Estrada | Alicia I. Ayuste |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pakinabang na Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman sa Sariling Lalawigan

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pakinabang na Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman sa Sariling Lalawigan**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral**:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Pakinabang na Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman sa Sariling Lalawigan**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

*Tuklasin*

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

| | |
|---|---|
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# Alamin

Sa araling ito, tatalakayin mo ang pakinabang ng iba't ibang pang ekonomiko ng mga likas yaman ng lalawigan at rehiyong kinabibilangan.


Sa araling ito, inaasahang:

1. naipaliliwanag ang iba't ibang pakinabang ng pang ekonomiko ng mga likas yaman ng lalawigan at kinabibilangang rehiyon **(AP3EAP-IVa-2).**



# Subukin

Panuto: Buuin ang **crossword puzzle** sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Pahalang

1. Ito ay ang pangunahing produktong pang agrikultura sa lalawigan ng Davao del Norte.
2. Ito ay produktong nahuhuli sa dagat, ilog o lawa.

Pababa

3. Ipinagmamalaking produkto ng rehiyon ng Davao na may kakaibang amoy ngunit mainam ang lasa.
4. Ito ay yamang namimina at karaniwang ginagawang alahas.
5. Ito ay pangunahing produktong pang agrikultura sa lalawigan ng Davao Oriental.

# Aralin 1

# Pakinabang na Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman sa Sariling Lalawigan

Sa araling ito, matatalakay ang mga pakinabang ng iba't ibang pang ekonomiko ng mga likas na yaman sa sariling lalawigan.

## *Balikan*

Sa katatapos na aralin, nagkaroon ka ng batayang kaalaman tungkol sa kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mga tao. Paano maiuugnay ang uri ng kapaligiran at hanapbuhay ng lalawigan?

*Mga Tala para sa Guro*

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay sa paggamit nito at matiyak na makamit ang mga layunin sa pagkatuto.

# Tuklasin

## Rehiyon ng Davao

Ang Rehiyon ng Davao ay biniyayaan ng magandang katangiang pisikal na anyong tubig at anyong lupa na binubuo ng malawak na kapatagan, kabundukan, burol, lambak, dagat, ilog, talon at iba pa. Ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao rito ay sa agrikultura, pangingisda at turismo. Ang pagtaas ng ekonomiya sa rehiyon ay dahil sa malaking kontribusyon mula sa sektor ng agrikultura, pangingisda, at turismo.

### Ekonomiya ng Davao del Sur

Ang lalawigan ng Davao del Sur ay may kanais-nais na klima at mayabong na lupa kaya pang-agrikutura ang pangunahing pinagkakakitaan. Ito rin ay tanyag na kilala bilang Coconut Country dahil niyog ang pangunahing komersyal na ani. Ang bigas at mais nito ay higit pa sa sapat para sa populasyon nito. Ang iba pang mga pananim na matatagpuan sa lalawigan ay ang saging, cacao, ramie, kape, prutas at gulay.

Ang pinakasentro ng lalawigan ay ang Digos City na kung saan ito ang sentro ng kalakalan, industriya, transportasyon, komunikasyon at edukasyon. Kilala rin ang lalawigan na isa sa mga pangunahing destinasyon ng mga turista. Ang turismo ay isa sa pinagkakakitaan ng lalawigan. Isa sa mga sikat na pinupuntahan ng mga turista ay ang Passig Islet na matatagpuan sa bayan ng Sta. Cruz.

### Ekonomiya ng Davao de Oro

Ang lalawigan ng Davao de Oro ay isa sa mga pinakamayamang lalawigan sa bansa dahil sa masaganang likas na yaman at ang sentro ng kalakalan, industriya, transportasyon, komunikasyon at edukasyon nito ay ang lungsod ng Nabunturan. Ito rin ay kilala bilang mineral hub ng Rehiyon ng Davao at tinaguriang isa sa may pinakamalaking deposito ng ginto sa buong Pilipinas.

Ang pangunahing pinagkukunan ng pagkakakitaan ng mga mamamayan sa lalawigan ay ang agrikultura partikular sa mga pananim na palay, mais, at pang-industriya o komersyal na

pananim tulad ng kape, niyog at goma; bunga ng prutas tulad ng saging, mangga, pinya, durian, kalamansi, mandarin at lanzones. Maraming magagandang panturismong destinasyon ang matatagpuan sa lalawigan isa na rito ang Tagbibinta Falls na matatagpuan sa lungsod ng Maragusan na nabisita na rin ng libo-libong turista.

### Ekonomiya ng Davao del Norte

Ang lalawigan ng Davao del Norte ay kilala bilang Banana Capital of the Philippines dahil ito ang nangungunang tagasuplay ng saging sa bansa maging sa ibang bansa. Ang Tagum City naman ang sentro ng kalakalan, industriya, transportasyon, komunikasyon at edukasyon sa lalawigan. Agrikultura ang pangunahing pangkabuhayan ng lalawigan pero isinasagawa rin ang pagmimina, pagtatanim, at komersiyal na pangingisda. Ang mga pangunahing produkto ng lalawigan ay abaka, kape, mais, niyog, palay, at saging.

Isa rin sa pinagkakakitaan ng lalawigan ay ang turismo. May maraming baybaying dagat dito at isa na rito ang sikat na Island Garden City of Samal.

### Ekonomiya ng Davao Oriental

Ang lalawigan ng Davao Oriental ay tinaguriang Coconut Capital of the Philippines dahil sa lawak ng taniman at produksiyon ng niyog. Ang niyog ay itinuturing bilang nangungunang industriya na sinusundan ng saging at abaca.

Ang lungsod naman ng Mati ang kapital ng lalawigan na kung saan ito ang naging sentro ng kalakalan, industriya, transportasyon, komunikasyon at edukasyon. Tanyag din ang lalawigan sa mga magagandang baybayin nito. Isa na rito ang Dahican Beach na matatagpuan sa Mati City na dinaragsa ng mga turista na galing pa sa malalayong lugar.

### Ekonomiya ng Davao Occidental

Ang Malita ang kapital ng lalawigan ng Davao Occidental. Ang lalawigan ay pinagpala ng kalikakasan kaya ito ay may malawak na lupang pang-agrikultura, kahit na bulubundukin maaari pa ring lumago ang halos lahat ng mga uri ng pananim. Ang pangunahing kabuhayan ng lalawigan ay pangingisda at pagsasaka ng saging at niyog. Maganda ang lupa at kondisyon

ng klima sa nasabing lalawigan kaya mainam ito taniman ng paminta.

Kilala rin ang lalawigan sa mga magagandang beach resorts nito. Isa sa mga sikat na pinupuntahan ng mga turista ay ang Little Boracay at ang Colagsing Haven Beach Resort.

## *Suriin*

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Sa anong mga likas na yaman sagana ang rehiyon ng Davao?
2. Paano nakatutulong ang mga likas na yaman sa pag-angat ng kabuhayan sa ating lalawigan?
3. Bukod sa mga produkto at kalakal, sa anong mga likas na yaman pa sagana at tanyag ang rehiyon ng Davao? Magbigay ng halimbawa ng mga ito at kung saan matatagpuan.

## *Pagyamanin*

Panuto: Punan ng angkop na impormasyon ang talahanayan tungkol sa mga produktong makukuha mula sa mga lalawigan ng Rehiyon ng Davao at mga pakinabang nito. Isulat ang sagot sa malinis na papel.

| Lalawigan | Mga produktong makukuha | Mga Pakinabang |
|---|---|---|
| Davao del Sur | | |
| Davao de Oro | | |
| Davao del Norte | | |
| Davao Oriental | | |
| Davao Occidental | | |

## Isaisip

Ang mga likas na yaman ay nakapagdudulot ng maraming kapakinabangan sa ating ekonomiya.

Ilan sa mga pinagmulan ng kapakinabangang pang ekonomiko ay ang mga produkto at kalakal mula sa likas na yaman, turismo at kalakalan. Mahalagang pangalagaan ang pinagkukuhanan ng mga produkto sapagkat ito ang nagbibigay ng ikinabubuhay ng mga tao sa lalawigan.

## Isagawa

Panuto: Lumikha ng isang poster na nagpapakita ng pakinabang na pang ekonomiko mula sa likas na yaman ng lalawigan na kinabibilangan at ipaliwanag ang kahulugan nito. Gawin ito sa malinis na papel.

Ang batayan sa pagwawasto ng poster ay ang paggamit ng rubrik na nasa ibaba.

| Pamantayan | Puntos | | |
|---|---|---|---|
| | 3 | 2 | 1 |
| Pagkamalikhain | Gumamit ng maraming kulay at kagamitan na may kaugnayan sa paksa | Gumamit ng kulay at iilang kagamitan na may kaugnayan sa paksa | Makulay subalit hindi tiyak ang kaugnayan sa paksa |
| Kaangkupan sa paksa | Angkop na angkop at wasto ang kaugnayan sa paksa | Angkop at may kaugnayan sa paksa | Walang kaugnayan sa paksa |
| Kabuoan ng mensahe | Kompleto ang detalye ng mensahe ng | May ilang kulang sa detalye ng mensahe ng | Maraming kulang sa detalye ng mensahe ng |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | nagawang poster | nagawang poster | nagawang poster |
| Kalidad ng ginawa | Makapukaw interes at tumitimo sa isipan | Makatawag pansin ngunit hindi makapukaw sa isipan | Hindi pansinin at hindi makapukaw ng isipan |
| Kalinisan ng pagkakagawa | Maganda, malinis at kahanga-hanga ang pagkakagawa ng poster | Malinis ang pagkakagawa ng poster | Marumi at inapura ang pagkakagawa ng poster |

## *Tayahin*

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang maaaring gawin sa sobrang produksiyon ng Durian at saging sa ating rehiyon?
   a. Itago na lamang para sa darating na pangangailangan.
   b. Ipamigay na lamang para maubos na.
   c. Maaaring ipagbili sa karatig rehiyon.
   d. Hayaan na lamang.

2. Ano ang magiging epekto kung ang pangangailangan ng mga tao sa rehiyon ay hindi matutugunan?
   a. Ang bawat lalawigan ay magkakanya-kanya kung kayat bababa ang kalidad ng ekonomiya.
   b. Madali ang pag-unlad ng bawat lalawigan.
   c. Magkakasundo ang bawat lalawigan.
   d. Tataas ang antas ng ekonomiya.

3. Nagkaroon ng bagyo. Nasalanta ang mga pananim. Nagkulang ang suplay ng gulay. Ano ang dapat gawin?
   a. Dapat bumili ng suplay ng gulay sa ibang lugar.
   b. Manghingi sa kamag-anak sa ibang lugar

c. Huwag nang kumain ng gulay.
d. Magtanim na lamang.

4. Kilala ang lalawigan ng Davao del Norte sa industriya ng turismo dahil sa magandang dalampasigan nito. Ano ang dapat gawin ng mga taong naninirahan dito?
   a. Panatilihing malinis at maganda ang dalampasigan.
   b. Itapon ang mga basura malapit sa dalampasigan.
   c. Hayaan na ang mga turista ang maglinis.
   d. Walang gagawin.

5. Sa anong paraan natin mapapaunlad ang likas na yaman?
   a. hayaan lang natin
   b. alagaan at gamitin ito sa tama
   c. walang gagawin
   d. lahat nang nabanggit

## *Karagdagang Gawain*

Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon. Sagutin ang tanong na kasunod nito. Isulat ito sa kuwaderno.

1. Ang lalawigan ng Davao del Sur ay biniyayaan ng kapatagan at mabundok na anyong lupa na angkop sa pagtatanim ng niyog. Ano ang pakinabang na maidudulot nito sa lalawigan?

____________________________________________________

2. Pinagpala sa malawak na mga baybayin ang lalawigan ng Davao Oriental. Anong pakinabang ang makukuha ng rehiyon sa mga baybaying ito?

____________________________________________________

3. Ang lalawigan ng Davao de Oro at Davao del Norte ay mayaman sa yamang mineral tulad ng cobalt, ginto, marmol, nickel, at tanso. Paano nakatutulong sa ekonomiya ng rehiyon ang mga yamang ito?

____________________________________________________

# *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin | Tayahin | Isagawa |
|---|---|---|
| 1. Saging<br>2. Isda<br>3. Durian<br>4. Ginto<br>5. Niyog | 1. D<br>2. C<br>3. B<br>4. D<br>5. B | Gamitin ang Rubrik |

# *Sanggunian*


Manalo, Thea Joy G., Capunitan, Charity A., Galarosa, Walter F., at Sampang, Rodel C. (2015). Araling Panlipunan Patnubay sa Guro, pahina 181-184

Manalo, Thea Joy G., Capunitan, Charity A., Galarosa, Walter F., at Sampang, Rodel C. (2015). Araling Panlipunan Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 381-386

http://nro11.neda.gov.ph/reports/

http://nro11.neda.gov.ph/davao-region/davao-del-sur/

http://www.davaodeoro.gov.ph/eDavDeOro/socio-economic-activities/

http://minda.gov.ph/news/146-six-mindanao-provinces-top-national-competitiveness-ranking

http://www.davaodelnorte.gov.ph/index.php/about-us/investment-promotion/economic-indicators

http://davaodelnorte.gov.ph:1919/sep/ddn/agri_croptpgraph.php

https://davaooriental.gov.ph/invest/directory/

https://davaooriental.gov.ph/invest/competitive-advantages/

https://davaooccidental.gov.ph/history/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph